Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-28 NG ENERO, 2005 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. - | Presiding Officer Pro-Tempore |
| Kgg. Gabriel C. Hermilao - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Efren S. Acosta - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay - | -do- |
| Kgg. Sanny O. Madra - | -do- |
| Kgg. Roberto A. Hilario - | -do |
| Kgg. Eric Michael R. Pajotal - | -do- |
| Kgg. Joseph Rey S. Amparo - | SK Fed. President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Salvador A. Magalay - | Pangalawang Punong Bayan |
| Kgg. Leonardo A. Andallon - | Sang. Bayan Member |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. - | Pres., Liga ng mga Brgy. |

x------------------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 05-01-012

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILA NG NASIRANG JUANITO DE CASTRO**

**SAPAGKAT,** si Juanito de Castro ng Sityo San Miguel, Barangay Maujao, Bulalacao, Silangang Mindoro ay sumakabilang-buhay noong nakaraang Linggo, ika-23 ng Enero, 2005;

**SAPAGKAT,** si Tay Juaning na siyang karaniwang itinatawag sa kanya ng kanyang mga kamag-anak, mga kaibigan at kababayan ay naglingkod sa Bayan ng Bulalacao bilang alagad ng batas ng halos pitong (7) taon na sa panahon ng kanyang panunungkulan siya ay naging matapat sa tungkulin, naging patas sa pagpapatupad ng batas lalung-lalo na sa mga karaniwang mamamayang walang impluwensiya at kulang sa kaalaman;

**SAPAGKAT,** si Tay Juaning ay nagsilbi rin sa Barangay Maujao bilang "Barangay Justice" sa loob ng ilang taon na kung saan siya ay hinangaan dahil sa kanyang kasipagan at tiyaga sa pagsulong ng mga programang magpapalago ng aspetong sosyal ng naturang barangay, walang gulo at mapanatili ang katahimikan at kapayapaan ng bawat pamilya at komunidad;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kawalan sa mga mamamayan ng Bulalacao at masakit na dagok na nagbigay ng masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang mga kamag-anak at mga kaibigan; kung kayat, dahil dito;

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati sa naulila ng nasirang Juanito de Castro;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Gabriel C. Hermilao na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang kapasyahang ito ay ...

**PINAGTIBAY":** Enero 28,2005 , Bulalacao, Oriental Mindoro.

**GABRIEL C. HERMILAO**
SB Member

**EFREN S. ACOSTA**
SB Member

**ROSALINDA M. CABAGAY**
SB Member

**SANNY O. MADRA**
SB Member

**ROBERTO A. HILARIO**
SB Member

**ERIC MICHAEL R. PAJOTAL**
SB Member

**JOSEPH REY S. AMPARO**
SK Fed. President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Presiding Officer Pro-Tempore

**SINAKSIHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**PINAGTIBAY:**

**ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: JAN. 28, 2005

Wrd.res.
050128/BMS/

Scanned with CamScanner